Falkland Islands Social Services

# Impormasyon tungkol sa Suporta sa Kita

## Ano ang Suporta sa Kita?

Ang layunin ng Suporta sa Kita ay makapagbigay ng tulong para sa mga nararapat na taong nangangailangan ng tulong pinansyal upang mapadali ang kanilang pagsasarili at pagsuporta sa sarili.

## Sino ang karapat-dapat at ano ang mga pamantayan?

- Ikaw ay nasa edad na 16 anyos pataas
- Karaniwang residente na higit sa tatlong taon, at may karapatang manatili at magtrabaho sa loob ng isla
- Ang Sambahayan ay dapat na walang ipon na hihigit sa £17,925

## At ang mga sumusunod na kalagayan ay naaangkop sa iyo

- Ikaw ay walang trabaho sa kasalukuyan
- Ikaw ay sakot ng isang sick note mula sa iyong doktor
- Ikaw ay hindi nararapat sa employment scheme
- Makapagbigay ng ebidensya na ikaw ay kasalukuyang naghahanap ng trabaho

## Kailan ka pwedeng mag-apply para sa Suporta sa Kita at ano ang proseso?

- Maaari kang mag apply sa kahit anong araw sa isang buwan
- Makipagugnayan ka sa Income Support Worker sa pamamagitan ng telepono o email at magsaayos ng isang meeting
- Kukumpletuhin ninyo ng Support worker ang application (sa opisina/sa tahanan/KEMH/Hillside). Magkakaroon ng oportunidad ang worker na maipaliwanag ang scheme at matingnan kung ikaw ay nararapat para sa iba pang mga allowance at para sagutin ang iyong mga katanungan

- Kinakailangan mong magbigay ng bank statements / payslips / ebidensya sa paghahanap ng trabaho

- Hihingin ng Income Support Worker ang iyong pahintulot na kunin ang lahat ng iyong impormasyon mula sa ibang kaugnay na departamento ng FIG para sa layunin ng assessment.

## Ano ang mga allowance na makukuha?

- Lingguhang Tulong Pinansyal

- Ang halaga na ibibigay ay depende sa kita ng sambahayan na mababa sa kaugnay na threshold at sa kalagayan ng indibidwal:

    - Isang tao £127.46
    - Dalawang tao £185.04
    - Unang anak £38.04
    - Bawat kasunod na anak £24.67

- Suporta sa pabahay para sa FIG Housing at Pribadong Renta

- Allowance para sa childcare allowances (dapat ibigay ang nursery bill)

- Allowance para sa panggatong tuwing tag-lamig para sa mga pensioners at iba pang service users na tumatanggap ng medium o high Attendance Allowance.

# Mga Bayad

Ang bayad pinansyal ay kadalasan buwanang ipinapasok sa iyong SCB account.

| Makipagugnayan sa | |
|---|---|
| | Income Support,<br>20 Scoresby Close,<br>Stanley,<br>Falkland Islands, FIQQ 1ZZ |
| | incomesupport@social.kemh.gov.fk |

| | |
|---|---|
| | Numero ng telepono: 27296 |
| | Numero ng telepono: 56001 |